# Palipas na ang yugto ng laruan

DENNIS ANDREW S. AGUINALDO

Ng kalas at kumpuni, lalo't hindi na ito "raruan"
At kinakailangan nang basagin ang alkansya

O ang mukha ng saspek.
Nagkamali tayo, at patuloy na nagkakamali—

Mas mahigpit nang ipinagbabawal ang kausap kaysa musika;
Kaharap na ba kita? Lapit, lapit,

Kailangan ko ng kahalili.
Tantiyahin mo kasi sa paulit-ulit na espasyo ng kutsara

Hindi lamang paghahanap dito
Kundi maging ang natuklasan sa batawan.

May panahong ang tawag nila rito'y pagsusunog ng kilay.
Laktawan ang semento kung hindi nahanapan ng malasakit.

Ibenta sa magbabakal ang mga titik.
Dalhin kina manang ang barya at ipambili ng yelo

Na pagugulungin sa talukap ng iyong mga mata.